

Mangyari Nawa

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant

September 05, 2020

Maraming larangan sa ating buhay ang hindi natin nabibitawan: pamilya, pananalapi, at ang ating ministri. Pangangailangang seguridad ang ugat ng ugaling ito. Kapag di natin kayang pigilin ang mga bagay-bagay na ito, madalas tayong nakararamdam ng pagkalito at pagkabahala. Sa kabilang banda, kapag isinuko natin lahat sa Diyos at pahintulutan ang pananampalataya na magkaroon ng kapangyarihan, nagiging tapat tayong taga-sunod ng Diyos.

1. Minsan wala tayong kapangyarihang magkontrol, ngunit may kapangyarihan tayong sumuko.

Ang pagdating ng unos at gulo ay hindi natin namamalayan. Hindi natin napipigilan ang mga nangyayari sa paligid natin. Kaya't, masanay tayong mamuhay nang may pagsuko; ngunit nangangailangan ito ng malalim na pananalig.

Hindi naging madali kay Maria ang sinabi sa kanya ng anghel tungkol sa mangyayari sa kanya. Ngunit tumugon siya nang may tiwala sa Diyos noong sumagot ng, "Mangyari nawa ." Walang pagsukong kalahati lang. Buong pagsuko o hindi natin isusuko.

2. Bakit nahihirapan tayong sumuko?

2.1 Likas ang kagustuhan nating magkontrol.

2.2 Ang kultura natin ang nagdidikta ng ating kaisipan. Ito ang nagsasabi na mangyayari ang mga bagay bagay at walang makakontrol sa buhay natin.

3. Bakit natin bibitawan at hahayaan?

3.1 Sinabi ni Jesus kung naghahangad tayong iligtas ang ating buhay, ito'y mawawala sa atin; ngunit kung isusuko natin ang ating buhay sa Kanya, makakasama natin Siya sa buhay natin (Lk 9:24).

3.2 Kung gusto nating maging matagumpay maski maraming hamon, dapat isuko natin ang ating buhay sa Panginoong Diyos.

3.3 Bumitiw tayo at pabayaang natin Siyang mamahala sa ating buhay. Mahirap itong

gawin kung wala tayong paniniwala sa Diyos dahil ang pagsuko ay naka-ugat sa pananalig. Siya'y una sa lahat, at sa Kanya nakasalalay ang kaayusan ng lahat ng bagay (Col. 1:17).

3.4 Ang pagsuko ay hindi minsan lang na pangako, ito'y araw-araw nating desisyon.

3.5 Noong sumagot si Maria ng, "Mangyari nawa," isinuko niya ang kanyang buhay sa Diyos at nakita niya ang Kanyang katapatan. Nagpakita rin si Jesus ng magandang halimbawa ng pagsuko sa Hardin ng Getsamane. Maaari naman Niyang hingin sa Ama na ilayo Siya paghihirap, ngunit hindi Niya ito ginawa. Sa halip, isinuko Niya ang lahat sa Panginoon.

4. Mga pangako ng Diyos kung tayo'y susuko

4.1 Sumasaatin ang Panginoon (Lk. 1:28). Ang Kanyang presensya ay nagpapakita ng kabutihan, katapatan, kabaitan at ang pag-ibig.

4.2 Kung tayo'y sumusuko, mas marami ang magagawa ng Diyos kaysa sa inaasahan natin. Tunay na nagmamalasakit sa atin ang Diyos; pinababayaan Niya tayong isuko natin ang lahat-lahat sa Kanya.

Pagninilay:

1. Ano pa ba ang sinusubukan nating ikontrol?
2. Ano ang sinasabi ng Diyos na isuko natin sa Kanya?

Isinalin ni: Sis. Nida Cruz

Na-edit at Naaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano

For more teachings, visit our website:

<https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials>